Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA- 4 NG NOBYEMBERE, 1998, ARAW NG MIYERKOLES, SA GANAP NA IKA- 9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO.......................... PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo
KGG. Eugenio A. Javier, Jr..................... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar....................... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez........................ Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison.......................... Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon.......................... Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas......................... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca.......................... Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco....................... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villasenor..................... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Ricardo B. Ramirez........................ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan.............. Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 154-T'98

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PAGKAKALOOB NG "CASH GIFT" AT "13TH-MONTH PAY", TAONG 1998 PARA SA LAHAT NG MGA PINUNO AT KAWANI NG PAMAHALAANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA, BATAY SA LOCAL BUDGET CIRCULAR NO. 11-B.

SAPAGKA'T, ang pagkakaloob ng "Cash Gift" at "13th-Month Pay" para sa mga kawani ng pamahalaan ay naaayon sa itinatadhana ng batas;

SAPAGKA'T, ang pondong nakalaan para sa naturang benepisyo ay kasama sa pinagtibay na badyet ng pamahalaang bayan para sa taong 1998;

SAPAGKA'T, nakasaad sa parapo 4.1 ng Budget Circular No. 11-B,na ang pagkakaloob ng benepisyo sa mga kawani ng pamahalaan ay base sa tinatanggap na buwanang suweldo kasama ang cash gift;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang pagkakaloob ng "Cash Gift" at "13th-month pay", taong 1998 para sa lahat ng mga pinuno at kawani ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna, batay sa Local Budget Circular No. 11-B.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito, ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman at Pambayang Taga-tuos, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN RECORDED
BY: